



- JANUARY**  
*Makugihon*
- FEBRUARY**  
*Mahigugmaon*
- MARCH**  
*Matinabangon*
- APRIL**  
*Matinahuron*
- MAY**  
*Mahapsay og Malinpyo*
- JUNE**  
*Maabtik og Masunod sa  
Dhaklong Oras*
- JULY**  
*Maantigo og Maabilidad*
- AUGUST**  
*Maginhuhunoon  
para sa Uban*
- SEPTEMBER**  
*Madaginoton*
- OCTOBER**  
*Matinud-unon*
- NOVEMBER**  
*Masaligan*
- DECEMBER**  
*Maalampon*

# 4



# Araling Panlipunan

## Quarter 4 - Module 1

# Konsepto at Prinsipyo ng Pagkamamamayan



Name of Learner: \_\_\_\_\_

Grade & Section: \_\_\_\_\_

Name of School: \_\_\_\_\_

**Araling Panlipunan – Ikaapat naBaitang  
Ikaapat na Markahan – Modyul 1: Konsepto at Prinsipyo ng Pagkamamamayan  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Manunulat:</b>	Mary June M. Edma
<b>Editor:</b>	Cheril R. Rebutazo
<b>Tagasuri:</b>	Vilma C. Velasco
<b>Tagalapat:</b>	Rose Marie Crez H. Apilan
<b>Tagapamahala:</b>	Virgilio P. Batan -Schools Division Superintendent
	Jay S. Montealto -Asst. Schools Division Superintendent
	Amelinda D. Montero -Chief Education Supervisor, CID
	Nur N. Hussien -Chief Education Supervisor, SGOD
	Monina R. Antiquina -Education Program Supervisor
	Ronillo S. Yarag -Education Program Supervisor, LRMS
	Leo Martinno O. Alejo -Project Development Officer II, LRMS
	Arsenia C. Zamoras - Public Schools District Supervisor
	Micherose D. Saladaga -School Principal

**Inilimbag sa Pilipinas ng**

**Department of Education – Region IX – Dipolog City Schools Division**

Office Address: Purok Farmers, Olingan, Dipolog City

Telefax: (065) 212-6986

E-mail Address: [dipolog.city@deped.gov.ph](mailto:dipolog.city@deped.gov.ph)

# Konsepto at Prinsipyo ng Pagkamamamayan



## Alamin

Ang modyul na ito ay dinisenyo at isinulat para sa iyong kaalaman. Layunin nitong matulungan ka at magabayan bilang mamamayang Pilipino. Ang saklaw ng modyul na ito ay nagpapahintulot na maaari itong gamitin sa iba't ibang sitwasyon ng pagkatuto. Ang wikang ginamit ay angkop sa magkakaibang antas ng bokabularyo ng mga mag-aaral. Ang aralin ay inayos ayon sa tamang pagkakasunod – sunod ng mga paksa na makikita sa aklat.

Pagkatapos mapag – aralan ang modyul na ito, inaasahang ikaw ay:

1. natatalakay ang konsepto ng pagkamamamayan;
2. natutukoy ang iba't ibang prinsipyo ng pagkamamamayan; at
3. napapahalagahan ang pagkamamamayang Pilipino.



## Balikan

Punan ang hinihinging detalye sa Concept Bubble.

Punan ang hinihinging detalye sa

**Sangguniang Panlalawigan**

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

**Sangguniang Pambayan**

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

**Paraan ng Pagtutulongan Sa bayan**

Ilahad ang mga tungkulin na ginagampanan ng nasa Lalawigan at lungsod/munisipyo.



## **Tuklasin**

**Basahin at unawain ang awit.**

### **AKO AY PILIPINO**

Ako ay Pilipino  
Ang dugo'y maharlika  
Likas sa aking puso  
Adhikaing kay ganda  
Sa Pilipinas na aking bayan  
Lantay na Perlas ng Silanganan  
Wari'y natipon ang kayamanan ng Maykapal

Bigay sa 'king talino  
Sa mabuti lang laan  
Sa aki'y katutubo  
Ang maging mapagmahal

### **KORO:**

Ako ay Pilipino,  
Ako ay Pilipino  
Isang bansa, isang diwa  
Ang minimithi ko

Sa bayan ko't bandila  
Laan buhay ko't diwa  
Ako ay Pilipino,  
Pilipinong totoo

Ako ay Pilipino,  
Ako ay Pilipino  
Taas noo kahit kanino  
Ang Pilipino ay Ako!

Anong konsepto ang ipinapahayag ng awitin?



## **Suriin**

Kailan mo masasabing ikaw ay Pilipino?

Ano ang batayan ng pagiging isang mamamayang Pilipino?

Paano mo mapapatunayan na ikaw ay isang Pilipino?

Tingnan ang larawan:



**Katutubo**



**FilAm**



**Tsinoy**

Sila ay mga mamamayang Pilipino

Ang **pagkamamayan** ay nangangahulugan ng pagiging kasapi o miyembro ng isang bansa ayon sa itinatakda ng batas. Hindi lahat ng naninirahan sa isang bansa ay mamamayan nito dahil may mga dayuhang nakatira dito na maaaring hindi kasapi nito.

### **Ang mamamayang Pilipino**

Ayon sa Artikulo IV, Seksiyon 1 ng Saligang Batas ng 1987, maituturing na mamamayang Pilipino ang sumusunod:

1. Mamamayan ng Pilipinas nang pinagtibay ang Saligang Batas ng 1987 noong Pebrero 2, 1987
2. Ang ama o ina ay mamamayang Pilipino
3. Mga mamamayang isinilang bago sumapit ang Enero 17, 1973 sa mga inang Pilipino na pinili ang pagkamamamayang Pilipino pagsapit ng 21 taong gulang
4. Mga dayuhang nagpasiyang maging mamamayang Pilipino ayon sa batas ng naturalisasyon

Ayon din sa Seksiyon 4 ng Saligang Batas ng 1987, ang isang mamamayan ng Pilipinas na nakapag-asawa ng isang dayuhan ay mananatiling isang Pilipino maliban na lamang kung pinili niyang sundin ang pagkamamamayan ng kaniyang napangasawa.

Batay naman sa Republic Act 9225 na nilagdaan ng Pangulong Gloria Macapagal Arroyo noong Setyembre 17, 2003, ang mga dating mamamayang Pilipino na naging mamamayan ng ibang bansa sa pamamagitan ng naturalisasyon ay maaaring muling maging mamamayang Pilipino.

Siya ay magkakaroon ng dalawang pagkamamamayan (dual citizenship). Kailangan lamang na aplayan niya ito at patunayan sa pamamagitan ng kaniyang sertipiko ng kapanganakan mula sa National Statistics Office (NSO) na ang kaniyang mga magulang o isa man sa kanila ay mamamayang Pilipino saan man siya ipinanganak.

### **Uri ng Mamamayang Pilipino**

May dalawang uri ng mamamayang Pilipino.  
Ito ay ang likas o katutubo at naturalisado.

#### **Likas o Katutubong Mamamayan**

- Ang likas na mamamayan ay anak ng isang Pilipino. Maaaring isa lamang sa kaniyang mga magulang o pareho ang Pilipino.

#### **Naturalisadong Mamamayan**

- Ang naturalisadong Pilipino ay mga dating dayuhan na naging mamamayang Pilipino dahil sa proseso ng naturalisasyon.

Ayon sa Commonwealth Act No. 475, ang isang dayuhan ay maaaring maging mamamayang Pilipino sa pamamagitan ng naturalisasyon.

Ang **naturalisasyon** ay isang legal na paraan kung saan ang isang dayuhan na nais maging mamamayan ng isang bansa ay sasailalim sa isang proseso sa korte o hukuman. Kapag nabigyan na ng pagkamamamayang Pilipino ang isang dayuhan, kailangan niyang sumunod sa mga batas at kultura ng bansa. Matatamasa rin niya ang mga karapatan ng isang mamamayang Pilipino maliban sa mahalal sa matataas na posisyon sa pamahalaan ng bansa.

Ang pagbibigay ng pagkamamamayan ay isang pribilehiyong ipinagkakaloob ng ating bansa sa isang dayuhan kaya masusi itong pinag-aaralan ng korte bago igawad.

### **Mga Prinsipyo ng Pagkamamamayang Pilipino ayon sa Kapanganakan**

May dalawang prinsipyo ng pagkamamamayang Pilipino ayon sa kapanganakan. Ito ang *Jus sanguinis* at *Jus soli*.

- **Jus sanguinis** - ang pagkamamamayan kung naaayon sa dugo o pagkamamamayan ng mga magulang o isa man sa kanila. Sinusunod ng mga anak ang pagkamamamayan ng kanilang mga magulang saan mang bansa sila ipinanganak. Ito ang prinsipyong sinusunod ng Pilipinas.

- Ang pagkamamamayang **Jus soli** naman ay naaayon sa lugar ng kaniyang kapanganakan anuman ang pagkamamamayan ng kaniyang mga magulang. Ang ibig sabihin, kung ang isang tao ay ipinanganak sa isang bansa na sumusunod sa prinsipyong ito, siya ay ituturing na mamamayan ng bansang iyon anuman ang pagkamamamayan ng kaniyang mga magulang.



## Pagyamanin

**Gawain 1:** Isulat sa notbuk ang ☺ kung ang pahayag ay tumutugon sa pagkamamamayang Pilipino ayon sa batas at ☹ kung hindi.

1. Isa man sa iyong mga magulang ay Pilipino, ikaw ay mamamayang Pilipino.
2. Ang mga dating dayuhan na dumaan sa proseso ng naturalisasyon ay mamamayang Pilipino.
3. Ikaw ay mamamayang Pilipino kung mamamayan ka ng Pilipinas bago Pebrero 2007.
4. Ang isang Pilipinong nakapag-asawa ng isang dayuhan ay hindi na maaaring maging mamamayang Pilipino.
5. Hindi na maaaring maging mamamayang Pilipino ang isang dating Pilipino na piniling maging naturalisadong mamamayan ng ibang bansa.

**Gawain 2:** Sino sa kanila ang mamamayang Pilipino? Sabihin kung ang nakasalungguhit na pangalan ay mamamayang Pilipino o hindi batay sa sitwasyon.

1. Si Julius ay anak ng isang Igorot at isang Ilokano. Naninirahan sila sa Maynila.
2. Nagbabakasyon sa Pilipinas tuwing mahal na araw si Nyro na isang Australyano.
3. Si Smith na isang Amerikano ay nakapagpatayo ng isang malaking kompanya sa Pilipinas. Tatlong taon na siyang naninirahan sa Pilipinas.
4. Si Lenie ay ipinanganak sa Cebu. Ang kaniyang ama ay Pilipino at ang kaniyang ina ay Hapones.
5. Si Kapitan Ben ay isang sundalong Pilipino na naninirahan sa Mindanao. Nang sumiklab ang labanan ng Abu Sayaf at militar, siya ay tumakas kasama ang kaniyang pamilya.



## Isaisip

- Nakasaad sa Saligang Batas ng 1987 ng Pilipinas ang mga katangian ng isang mamamayang Pilipino.
- May dalawang uri ng pagkamamamayan: *likas o katutubo at naturalisado*.
- May dalawang prinsipyo ng likas na pagkamamamayan ayon sa kapanganakan: ang Jus soli at Jus sanguinis.
- Ang mga dayuhan ay maaaring maging mamamayang Pilipino sa pamamagitan ng prosesong naturalisasyon.
- Ang pagkamamamayan ay maaaring mawala at makamit muli.



## Tayahin

**Gawain 3:** Pagtugmain ang mga pahayag sa hanay A at hanay B. Isulat sa notbuk ang titik ng tamang sagot.

**A**

1. Pagkamamamayan ayon sa pagkamamamayan o dugo ng magulang.
2. Proseso ng pagiging mamamayan ng isang dayuhan ayon sa batas.
3. Pagkamamamayan batay sa lugar ng kapanganakan.
4. May dalawang pagkamamamayan.
5. Kasulatan kung saan nakasaad ang pagkamamamayang Pilipino.

**B**

- A. Dual citizenship
- B. Jus sanguinis
- C. Jus soli
- D. Naturalisasyon
- E. Saligang Batas
- F. Pagkamamamayan



## Karagdagang Gawain

**Gawain 4:** Isulat ang tamang sagot.

1. Ano ang dalawang uri ng pagkamamamayan?
2. Ano-ano ang dalawang prinsipyo ng pagkamamamayan ayon sa kapanganakan?
3. Paano mo maipagmamalaki ang iyong pagkaPilipino?



## Susi sa Pagwawasto

<p><b>Tayahin</b></p> <p>1.b 2.d 3.c 4.a 5.e</p> <p><b>Karayagang Gawain</b></p> <p>1. Likas o Katutubo/ Naturalisado</p> <p>2. Jus Sanguniis Jus Soli</p>	<p><b>Gawain 1</b></p> <p>1. ☹️ 2. ☹️ 3. 😊 4. ☹️ 5. ☹️</p> <p><b>Gawain 2</b></p> <p>1. Pilipino 2. hindi 3. hindi 4. Pilipino 5. Pilipino</p> <p>Balikán</p> <p>1. pagkakaisa 2. pagtutulungan 3. mabuting ugmayan</p>
--	---

## SANGGUNIAN

[https://tl.wikipedia.org/wiki/Araling Panlipunan 4](https://tl.wikipedia.org/wiki/Araling_Panlipunan_4)

## Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom  
Here the breezes gently Blow,  
Here the birds sing Merrily,  
The liberty forever Stays,

Gallant men And Ladies fair  
Linger with love and care  
Golden beams of sunrise and sunset  
Are visions you'll never forget  
Oh! That's Region IX

Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos, Ilongos,  
All of them are proud and true  
Region IX our Eden Land

Here the Badjaos roam the seas  
Here the Samals live in peace  
Here the Tausogs thrive so free  
With the Yakans in unity

Hardworking people Abound,  
Every valleys and Dale  
Zamboanguenos, Tagalogs, Bicolanos,

Region IX  
Our..  
Eden...  
Land...

### My Final Farewell

Farewell, dear Fatherland, clime of the sun caress'd  
Pearl of the Orient seas, our Eden lost!,  
Gladly now I go to give thee this faded life's best,  
And were it brighter, fresher, or more blest  
Still would I give it thee, nor count the cost.

On the field of battle, 'mid the frenzy of fight,  
Others have given their lives, without doubt or heed;  
The place matters not-cypress or laurel or lily white,  
Scaffold or open plain, combat or martyrdom's plight,  
T is ever the same, to serve our home and country's need.

I die just when I see the dawn break,  
Through the gloom of night, to herald the day;  
And if color is lacking my blood thou shalt take,  
Pour'd out at need for thy dear sake  
To dye with its crimson the waking ray.

My dreams, when life first opened to me,  
My dreams, when the hopes of youth beat high,  
Were to see thy lov'd face, O gem of the Orient sea  
From gloom and grief, from care and sorrow free;  
No blush on thy brow, no tear in thine eye.

Dream of my life, my living and burning desire,  
All hail ! cries the soul that is now to take flight;  
All hail ! And sweet it is for thee to expire ;  
To die for thy sake, that thou mayst aspire;  
And sleep in thy bosom eternity's long night.

If over my grave some day thou seest grow,  
In the grassy sod, a humble flower,  
Draw it to thy lips and kiss my soul so,  
While I may feel on my brow in the cold tomb below  
The touch of thy tenderness, thy breath's warm power.

Let the moon beam over me soft and serene,  
Let the dawn shed over me its radiant flashes,  
Let the wind with sad lament over me keen ;  
And if on my cross a bird should be seen,  
Let it trill there its hymn of peace to my ashes.

Let the sun draw the vapors up to the sky,  
And heavenward in purity bear my tardy protest  
Let some kind soul o'er my untimely fate sigh,  
And in the still evening a prayer be lifted on high  
From thee, O my country, that in God I may rest.

Pray for all those that hapless have died,  
For all who have suffered the unmeasur'd pain;  
For our mothers that bitterly their woes have cried,  
For widows and orphans, for captives by torture tried  
And then for thyself that redemption thou mayst gain

And when the dark night wraps the graveyard around  
With only the dead in their vigil to see  
Break not my repose or the mystery profound  
And perchance thou mayst hear a sad hymn resound  
'T is I, O my country, raising a song unto thee.

And even my grave is remembered no more  
Unmark'd by never a cross nor a stone  
Let the plow sweep through it, the spade turn it o'er  
That my ashes may carpet earthly floor,  
Before into nothingness at last they are blown.

Then will oblivion bring to me no care  
As over thy vales and plains I sweep;  
Throbbing and cleansed in thy space and air  
With color and light, with song and lament I fare,  
Ever repeating the faith that I keep.

My Fatherland ador'd, that sadness to my sorrow lends  
Beloved Filipinas, hear now my last good-by!  
I give thee all: parents and kindred and friends  
For I go where no slave before the oppressor bends,  
Where faith can never kill, and God reigns e'er on high!

Farewell to you all, from my soul torn away,  
Friends of my childhood in the home dispossessed!  
Give thanks that I rest from the wearisome day!  
Farewell to thee, too, sweet friend that lightened my way;  
Beloved creatures all, farewell! In death there is rest!

### I Am a Filipino, by Carlos P. Romulo

I am a Filipino—inheritor of a glorious past, hostage to the uncertain future. As such I must prove equal to a two-fold task—the task of meeting my responsibility to the past, and the task of performing my obligation to the future.

I sprung from a hardy race, child many generations removed of ancient Malayan pioneers. Across the centuries the memory comes rushing back to me: of brown-skinned men putting out to sea in ships that were as frail as their hearts were stout. Over the sea I see them come, borne upon the billowing wave and the whistling wind, carried upon the mighty swell of hope—hope in the free abundance of new land that was to be their home and their children's forever.

I am a Filipino. In my blood runs the immortal seed of heroes—seed that flowered down the centuries in deeds of courage and defiance. In my veins yet pulses the same hot blood that sent Lapulapu to battle against the first invader of this land, that nerved Lakandula in the combat against the alien foe, that drove Diego Silang and Dagohoy into rebellion against the foreign oppressor.

The seed I bear within me is an immortal seed. It is the mark of my manhood, the symbol of dignity as a human being. Like the seeds that were once buried in the tomb of Tutankhamen many thousand years ago, it shall grow and flower and bear fruit again. It is the insignia of my race, and my generation is but a stage in the unending search of my people for freedom and happiness.

I am a Filipino, child of the marriage of the East and the West. The East, with its languor and mysticism, its passivity and endurance, was my mother, and my sire was the West that came thundering across the seas with the Cross and Sword and the Machine. I am of the East, an eager participant in its spirit, and in its struggles for liberation from the imperialist yoke. But I also know that the East must awake from its centuried sleep, shake off the lethargy that has bound his limbs, and start moving where destiny awaits.

I am a Filipino, and this is my inheritance. What pledge shall I give that I may prove worthy of my inheritance? I shall give the pledge that has come ringing down the corridors of the centuries, and it shall be compounded of the joyous cries of my Malayan forebears when first they saw the contours of this land loom before their eyes, of the battle cries that have resounded in every field of combat from Mactan to Tirad Pass, of the voices of my people when they sing:

"I am a Filipino born to freedom, and I shall not rest until freedom shall have been added unto my inheritance—for myself and my children and my children's children—forever."